

**INILALARAWAN NG PABATID NA ITO KUNG PAANO MAGAGAMIT AT IBABAHAGI ANG
IMPORMASYONG MEDIKAL TUNGKOL SA IYO NG KAGAWARAN NG PAMPUBLIKONG
KALUSUGAN NG SAN FRANCISCO (DPH) AT KUNG PAANO MONG MAKUKUHA ANG
IYONG IMPORMASYON.
MANGYARING REPASUHIN ITO NANG MABUTI.**

Kung mayroon kang anumang katanungan tungkol sa Pabatid na ito, mangyaring tumawag sa toll-free na Privacy Hotline sa 1-855-729-6040.

SINO ANG TUTUPAD SA PABATID NA ITO:

Ang Pabatid ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) ay sumasaklaw sa mga sumusunod:

- ◆ Sinuman na pinahihintulutan na magpasok ng impormasyon sa iyong tala ng kalusugan sa DPH.
- ◆ Lahat ng mga departamento at mga yunit ng DPH, mga kasama ng DPH, at naglalaan ng kontrata/kasama sa negosyo ng DPH na pinapayagan na magbasa, gumamit o magbigay ng personal na impormasyon sa kalusugan ng mga pasyente.
- ◆ Mga miyembro ng volunteer group na tutulong sa iyo habang ikaw ay tumatanggap ng pangangalaga mula sa DPH.
- ◆ Mga manggagawang pangkalusugan ng DPH at mga manggagawa ng University of California na nasa San Francisco na nagtatrabaho sa DPH.
- ◆ Ang mga taong pumapasok sa paaralan upang maging isang manggagawa sa healthcare at kanilang mga guro na tumutulong magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa iyo sa DPH, halimbawa medikal na residente, mag-aaral ng medisina, mag-aaral ng narsing, mga kasamahan o mga graduate na mag-aaral.

PANGAKO NG DPH TUNGKOL SA IMPORMASYON SA KALUSUGAN:

Alam ng mga manggagawa sa kalusugan ng Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco, mga kasapi ng DPH at naglalaan ng kontrata sa DPH na ang impormasyon sa pangkalusugan tungkol sa iyo at sa iyong kalusugan ay personal. Ipinangako namin na poproteksyunan ang iyong impormasyon sa kalusugan. Ginawa at itinatago sa DPH ang isang tala ng mga pangalaga at sebisyo na iyong natanggap sa DPH. Ang tala na ito ay kinakailangan upang mabigyan ka ng pangangalaga at upang matugunan ang mga batas ng estado ng California. Sumasakop ang Pabatid na ito sa lahat ng mga talaan ng iyong pangangalaga na itinatago ng DPH, ito man ay ginawa ng manggagawa ng DPH o ng iyong personal na doktor na nangangalaga sa iyo sa isang klinika o ospital ng DPH. Kung mayroon kang isang personal na doktor na hindi isang doktor ng DPH, siya ay maaaring sumunod sa iba't ibang mga tuntunin tungkol sa paggamit at pagbabahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan.

Ang DPH ay nagtatala at nagtatago ng impormasyon ng pasyente sa maraming lugar, pareho sa papel at sa kompyuter, depende sa pinangyarihan na kung saan isinagawa ang pangangalaga. Ibinabahagi ng mga manggagawa sa kalusugan at mga doktor ang impormasyong ito sa isa't-isa upang mapangalagaan ang iyong kalusugan

Ipinag-uutos ng batas sa DPH na:

- ◆ Magtago ng tala ng pangangalaga na siyang ibinigay sa iyo:
- ◆ Siguraduhin na ang impormasyon sa kalusugan na maaaring magamit upang makilala ka ay pinananatiling pribado;
- ◆ Sumunod sa Genetic Information Nondiscrimination Act (GINA) upang iwasan ang paggamit o pagbubunyag ng genetic na impormasyon para sa diskriminasyon o layunin na nasaad,
- ◆ Ibigay sa iyo itong Pabatid ng ligal at pribadong gawain ng DPH; at
- ◆ Tumupad sa Pabatid na ipinapatupad sa oras na ito.

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
Epektibong Petsa: May 19, 2015

ANG IYONG MGA KARAPATAN PATUNGKOL SA IMPORMASYON SA KALUSUGAN NA TUNGKOL SA IYO:

Sa pangkalahatan, ikaw ay may mga sumusunod na karapatan tungkol sa impormasyon sa kalusugan na itinatago ng DPH tungkol sa iyo:

- ◆ **Karapatan na Hilingin na Inspeksyunin at Kopyahin.** Mayroon kang karapatan na hilingin na makita, mabasa, at kumuha ng kopya ng impormasyon sa kalusugan na ginamit upang gumawa ng mga kapasyahan tungkol sa iyong pangangalaga. Karaniwan, kabilang dito ang mga tala na medikal at pagsingil. Kung nais mong makita at magkaroon ng kopya ng impormasyon sa kalusugan na ginagamit upang gumawa ng mga kapasyahan tungkol sa iyong pangangalaga, dapat mong ipadala, o ihatid sa panahon ng karaniwang oras ng negosyo, ang iyong kahilingan nang nakasulat sa tanggapan ng mga rekord sa lokasyon na ibinigay sa iyo ang pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa isang listahan ng mga address). Kung ikaw ay humiling ng isang kopya ng impormasyon, maaaring hilingin sa iyo ng DPH na magbayad para sa pagkopya, pag-liham o pagkuha ng iba pang mga suplay na kailangan upang makatugon sa iyong mga kahilingan. Maliban kung sinabi ng iyong naglalaan na okay, ang karapatan na tingnan at humiling ng isang kopya ng impormasyon sa kalusugan ay hindi kasama ang impormasyon sa kalusugan ng kaisipan. Kung nagpasya ang DPH na hindi ka payagan na tumingin sa iyong impormasyon sa kalusugan ng kaisipan, sa halip ay maaaring magpasya ang DPH na bigyan ka ng isang buod ng iyong mga tala. Kung hindi sumang-ayon ang iyong naglalaan sa iyong kahilingan, maaari mong hilingin sa isang miyembro ng DPH Risk Management na repasuhin kung bakit hindi pinahintulutan ang iyong kahilingan. Ang taong gumawa ng pagrepaso ay dapat hindi ang taong tumanggi sa iyong kahilingan.
- ◆ **Karapatan na Pahintulutan ang Pagbabahagi ng Impormasyon sa Kalusugan.** Kapag sa tingin mo ito ay kinakailangan at naaangkop, ikaw ay may karapatan na hilingin sa DPH na ipadala ang mga kopya ng iyong impormasyon sa kalusugan sa kung sinumang iyong naisin - ibang mga indibidwal, mga propesyonal sa pangangalaga ng kalusugan o mga ospital at mga klinika. Maaari mong hilingin sa DPH na ihinto ang pamamahagi ng iyong impormasyon sa kalusugan anumang oras. Upang mahiling sa DPH na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga tao na hindi kailangan gamitin ito para sa mga layunin ng pangangalaga, dapat mong hilingin nang nakasulat. Ipadala o dalhin ang iyong kahilingan sa tanggapan ng mga rekord na medikal sa lokasyon na kung saan ang iyong pangangalaga ay ibinigay (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa isang listahan ng mga address).
- ◆ **Karapatan na Gumawa ng Pagwawasto.** Kung naniniwala ka na ang impormasyon sa kalusugan na itinatago ng DPH tungkol sa iyo ay hindi wasto o hindi kumpleto, mayroon kang karapatan na hilingin sa DPH na baguhin ang impormasyon, o magsulat ng karagdagan na isasama sa iyong tala sa kalusugan. Mayroon kang karapatan na hilingin sa DPH na baguhin ang iyong impormasyon sa kalusugan habang itinatago ang impormasyon. Upang humiling ng isang pagbabago, ipadala ang iyong kahilingan nang nakasulat sa tanggapan ng mga rekord na medikal ng lugar kung saan ka ipinaglaanan ng pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa isang listahan ng mga address). Bilang karagdagan, kailangan mong ipaliwanag kung bakit nais mo baguhin ang iyong impormasyon sa kalusugan. Maaaring hindi pumayag ang DPH sa iyong kahilingan kung ito ay hindi nakasulat o hindi ipinapaliwanag kung bakit nais mo baguhin ang impormasyon. Sa karagdagan, maaaring hindi sumang-ayon ang DPH sa iyong kahilingan kung iyong hihilingin na baguhin ang impormasyon na:
 - Hindi nilikha ng mga manggagawa sa kalusugan ng DPH;
 - Naitala ng isang tao na wala na upang gawin ang pagbabago;
 - Hindi bahagi ng impormasyon sa kalusugan na itinatago ng o para sa DPH;
 - Hindi bahagi ng impormasyon na pinahihintulutan ka na tingnan at kopyahin; o
 - Natagpuan na siyang tama at kumpleto.
- ◆ **Karapatan sa isang Accounting ng Pagsisiwalat.** Simula ng Abril 14, 2003, ikaw ay may karapatan na malaman kung sino ang nakabasa ng iyong tala. Ang "accounting of disclosures" (bilang ng pagsisiwalat) na ito ay isang listahan ng mga tao na labas ng DPH na ibinahagi ng DPH ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin maliban sa iyong inilalaan sa iyong pangangalaga sa kalusugan, magbayad para sa iyong pangangalaga sa kalusugan o magsagawa ng ibang mga gawain na kailangan para sa kanyang operasyon. Upang mahiling ang listahan na ito, dapat mong ipadala ang iyong kahilingan nang nakasulat sa tanggapan ng rekord na medikal sa lugar kung saan ka nilaanan ng pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid para sa isang listahan ng mga address). Kapag ikaw ay humingi ng isang "accounting of disclosures" kailangan mong sabihin sa amin ang mga naglaan ng pangangalaga ng DPH na kung saan nais mo ng accounting. Hindi mo maaaring

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
Epektibong Petsa: May 19, 2015

hilingin sa DPH na ibigay sa iyo ang impormasyon tungkol sa kung kanino ibinahagi ng DPH ang impormasyon nang lampas nang anim na taon bago mo isinumite ang iyong kahilingan. Kailangan sabihin ng iyong kahilingan kung paano mo nais ibigay ng DPH sa iyo ang listahan (halimbawa, nakasulat o sa isang kompyuter na file). Ang unang listahan na iyong hihilingin para sa loob ng 12 buwan na yugto ay walang bayad. Maaaring pagbayarin ka ng DPH para sa mga karagdagang listahan. Ang mga gastos ay ipapaliwanag sa iyo, at maaari mong piliin na kanselahin o baguhin ang iyong kahilingan anumang oras bago ka singilin ng anumang.

- ◆ **Karapatan na Humiling ng Paghihigpit.** Mayroon kang karapatan na hilingin sa DPH na hindi ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga ilang mga indibidwal o para sa ilang mga layunin. **Ang DPH at/o kanyang mga doktor ay hindi kailangang sumang-ayon sa iyong kahilingan.** Kung sila ay sumang-ayon, hindi ibabahagi ng DPH ang impormasyon tungkol sa iyo maliban kung ang impormasyon ay kinakailangan upang mabigyan ka ng agarang paggamot. Upang mahiling ang mga paghihigpit, dapat mong ipadala ang iyong kahilingan nang nakasulat sa tanggapan ng medikal record sa lugar kung saan ka binigyan ng pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa isang listahan ng mga address). Sa iyong kahilingan, kailangan mong ipaliwanag (1) kung ano ang impormasyon na nais mong limitahan; (2) kung nais mong limitahan ang paggamit ng DPH, pagbabahagi o pareho; at (3) kung kanino mo nais sumakop ang mga limitasyon. Halimbawa, maaaring hindi mo nais na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iyong pamilya. Kung ganap mong babayaran ang isang serbisyo o aytem sa pangangalaga sa kalusugan mula sa iyong sariling balsa, maaari mong hilingin sa DPH na hindi ibahagi ang impormasyon na iyon para sa layunin ng pagbabayad o ang ating mga operasyon sa iyong seguro sa kalusugan. Aaprubahan ang iyong kahilingan maliban kung ipinag-uutos ng batas na ibahagi ng DPH ang nasabing impormasyon. Maaari ka ring humiling na 'opt-out' (piliin-na-huwag) na makatanggap ng impormasyon sa marketing at pangangalap ng pondo.
- ◆ **Karapatan na Humiling ng Kompidensyal na Komunikasyon.** Mayroon kang karapatan na tukuyin kung saan at paano makikipag-ugnayan sa iyo ang mga manggagawa ng DPH. Halimbawa, maaari mong hilingin na makipag-ugnayan sa iyo ang mga kawani ng DPH sa trabaho o gamit ang liham. Ipaalam sa amin nang nakasulat, sa pamamagitan ng pagpapadala ng iyong kahilingan sa lugar kung saan ka binigyan ng pangangalaga (tingnan ang dulo ng Pabatid para sa isang listahan ng mga address). Hindi mo na kailangan na magbigay ng dahilan para sa iyong kahilingan. Lahat nang makatuwirang kahilingan ay aaprubahan. Kailangan sabihin ng iyong kahilingan kung paano at kung saan nais mong makipag-ugnayan.
- ◆ **Karapatan sa isang Papel na Kopya ng Pabatid na Ito:** Mayroon kang karapatan na makatanggap ng isang kopya ng Pabatid na ito. Maaari kang humiling ng isang kopya ng Pabatid na ito anumang oras. Kahit na ikaw ay sumang-ayon na makatanggap ng pabatid na ito sa e-mail o nabasa ito sa isang web site, ikaw ay may karapatan pa rin sa isang papel na kopya ng Pabatid na ito. Upang makakuha ng papel na kopya ng Pabatid na ito, bisitahin ang anumang naglalaan ng pangangalaga sa kalusugan ng DPH o sumulat sa Office of Compliance and Privacy Affairs, 101 Grove Street, Room 330, San Francisco, CA 94102. Maaari kang makakuha ng kopya ng pabatid na ito sa web site ng DPH, <http://www.sfdph.org/dph/comupg/oservices/medSvs/HIPAA/HIPAAsummaries.asp>

PAANO GAGAMITIN AT IBABAHAGI NG DPH ANG IMPORMASYON SA KALUSUGAN TUNGKOL SA IYO.

Nais ipaalam sa iyo ng DPH ang iba't-ibang mga paraan kung paano nito gagamitin at ibabahagi ang impormasyon sa kalusugan. Hindi mailalarawan ng DPH ang bawat paraan kung paano nito gagamitin o ipapamahagi ang impormasyon sa kalusugan sa Pabatid na ito. Subalit, karamihan sa mga paraan ay naaayon sa isa sa mga paglalarawan na inilaan sa ibaba. Sa lahat ng pagkakataon, gagamitin ng mga manggagawa sa kalusugan ng DPH at mga doktor ang pinakakaunting dami ng impormasyon na kinakailangan upang bigyan ka ng pangangalaga, magbayad para sa iyong pangangalaga, o patakbuhan ang mga pasilidad ng DPH sa pangangalagang pangkalusugan. Palagiang rinirepaso ng DPH ang mga paggamit at pagsisiwalat na ginagawa ng kawani ng DPH, kanyang naglalaan ng kontrata at isinasagawa ng kawani sa mga talaan ng DPH upang siguraduhing sila ay angkop.

- ◆ **Para sa Paggamot.** Upang mapahusay ang kalidad ng pangangalaga na iyong natanggap, maaaring ibahagi ng mga naglalaan ang impormasyon sa kalusugan sa DPH at pagitan ng DPH, mga kasama at kanyang mga naglalaan ng kontrata - kabilang ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa kalusugan ng pag-iisip, pang-aabuso sa substansiya, HIV/AIDS, sexually transmitted diseases (STD) at lumalalang kapansanan. Halimbawa, ang isang doktor na gumagamot sa iyong nabaling binti ay maaring kailanganin na malaman kung ikaw ay may diyabetes dahil ang diyabetis ay maaaring magpabalal sa proseo ng paggaling. Sa

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
Epektibong Petsa: May 19, 2015

karagdagan, maaaring kailanganin sa sabihin ng mga doktor sa dietitian kung ikaw ay may diyabetes upang ayusin ang mga espesyal na pagkain. Ang iba't-ibang mga departamento ng DPH ay maaaring magbahagi ng impormasyon tungkol sa iyo upang makapagbigay ng mga bagay na iyong kailangan, tulad ng mga gamot, pagsusuri sa laboratoryo o x-ray. Kung ang iyong pangangalaga ay nangangailangan na nakoordina sa ibang mga doktor o pasilidad sa labas ng DPH, ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo ay maaring ibahagi sa kanila upang planuhin ang iyong patuloy na pangangalaga.

- ◆ **Para sa Pagbabayad.** Maaaring gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa paggamot at mga serbisyo na iyong nakuha sa lugar ng DPH kung saan ka pinangalagaan ay maaaring singilin sa at kolektahin ang bayad mula sa iyo, isang kompanya ng seguro o sa isang serbisyo sa pagbawi ng paghahabol ng ikatlong partido. Maaaring ibahagi ang impormasyon sa serbisyo sa kwalipikasyon upang ito ay maaaring humanap ng mga programa upang makatulong sa mga bayarin ng pasyente para sa kanilang pangangalaga. Maari din itong kailanganin upang masabi sa iyong planong pangkalusugan ang tungkol sa isang paggamot na iyong kailangan upang makakuha ng paunang pag-apruba o upang matukoy kung ang iyong plano ay sasakop sa pagtrato.
- ◆ **Para sa mga Pinapatakpong DPH Health Care Facilities.** Maaaring gamitin at ibahagi ng DPH ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa pagpapalakad. Maaaring kailanganin gamitin at ibahagi ng DPH ang impormasyon na ito upang mapatakbo ang kanyang mga programa at tiyakin na lahat ng mga pasyente ng DPH ay nakatatanggap nang kalidad na pangangalaga. Halimbawa, maaaring gamitin ng DPH ang iyong impormasyon sa kalusugan upang repasuhin ang paggamot at mga serbisyo at tingnan ang pangangalaga na iyong natanggap mula sa mga manggagawa sa kalusugan ng DPH. Ang mga impormasyon sa kalusugan tungkol sa maraming mga pasyente ng DPH ay maaaring pagsama-samahin upang mapagpasyahan kung ano ang mga karagdagang serbisyo na dapat i-alok ng DPH, anong mga serbisyo ang kailangan at kung ang ilang mga bagong proseso ay epektibo. Maaaring ikumpara ang koleksyon ng mga impormasyon tungkol sa maraming mga pasyente ng DPH sa impormasyon mula sa ibang mga kapareho na hindi pangangalaga sa kalugusan na DPH upang makita kung ang pangangalaga at mga serbisyo sa DPH ay maaaring pagbutihin. Maaaring ibahagi ang impormasyon sa mga doktor ng DPH, nars, teknisyen, at iba pang mga kawani ng DPH para sa mga layuning pagrerepaso at pag-aaral.
- ◆ **Paalala sa Pagtitipon.** Maaaring gamitin ng DPH ang impormasyon na ito tungkol sa iyo upang ipaalala sa iyo ang tungkol sa isang paparating na pagtitipon. Tandaan, gayunpaman, ikaw ay laging may karapatan na hilingin sa DPH na makipag-ugnay sa iyo sa ibang paraan kung hindi mo nais na makatanggap ng mga paalala sa pagtitipon sa koreo, text, o email.
- ◆ **Direktoryo.** Maaaring kasama ang ilang mga limitadong impormasyon tungkol sa iyo sa direktoryo ng pasyente sa mga ospital ng DPH kung saan ikaw ay ginagamot. Subalit, ang mga inpatient site ng kalusugan sa pag-iisip at pag-abuso sa sustansya ay hindi gumagamit ng mga pampublikong direktoryo. Maaaring kabilang sa impormasyong ito ang iyong pangalan, lokasyon sa ospital/klinika, ang iyong pangkalahatang kondisyon (halfair, stable, atbp.) at iyong kinasasapiang relihiyon. Ang impormasyon na direktoryo, maliban sa iyong kinasasapiang relihiyon, ay maaaring ipamahagi rin sa mga tao na magtatanong sa iyo sa pangalan. Ang iyong kinasasapiang relihiyon ay maaaring ibigay sa isang pari, rabi o ministro, kahit na hindi nila hiniling ayon sa pangalan. Ito ay upang maaaring kang bisitahin ng iyong pamilya, kaibigan at mga klerigo at pangkalahatan upang malaman nila kung ano na ang iyong kalayagan sa magdamag sa isang ospital ng DPH. Kung hindi mo nais na ibahagi ng DPH ang iyong pangalan, lokasyon ng ospital, pangkalahatang kalagayan o kinasasapiang relihiyon, dapat iyong ipagbigay-alam sa opisina ng admisyon sa pasilidad na kung saan ka nakatatanggap ng pangangalaga.
- ◆ **Indibidwal na Kasangkot sa Iyong Pangangalaga o Bayad para sa Iyong Pangangalaga.** Maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa iyong kaibigan o miyembro ng pamilya na iyong binanggit na kasangkot sa at/o mananagot para sa iyong medikal na pangangalaga at nangangailangan na malaman ang impormasyon upang makatulong sa iyo. Maari rin ibigay ang impormasyon sa isang tao na iyong sinabi na makatutulong na magbayad para sa iyong pangangalaga. Ang mga kliyente sa kalusugan sa pag-iisip ay pormal na hihilingin na aprubahan ang mga ganitong uri ng pagbabahagi. Sa karagdagan, maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa isang organisasyon na nagbibigay ng tulong maibsan ang peligro para malaman ng iyong pamilya ang iyong kondisyon, estado at lokasyon.
- ◆ **Pananaliksik.** Maaaring gamitin at isiwalat sa dalawang paraan ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo para sa mga layunin ng pananaliksik. Una, ito ay maaaring gamitin ng mga mananaliksik sa pag-aaral kung ikaw ay hiniling na sumali sa, na kung saan ikaw ay sumasang-ayon na aktwal na gagamit ng gamot o magkakaroon ng isang paggamot na siyang pinag-aaralan para sa kanyang

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
Epektibong Petsa: May 19, 2015

pagiging epektibo. Sa mga ganitong uri ng pag-aaral, ikaw ay palagiang hihilingan ng pagsang-ayon sa iyong paglahok sa pag-aaral. Pangalawa, ang iyong impormasyon sa kalusugan ay maaaring gamitin at isiwalat na walang pagsangguni sa katunayan na personal itong tungkol sa iyo. Halimbawa, ang isang proyektong pananaliksik ay maaaring magdawit ng paghahambing ng kalusugan at pagbawi ng lahat ng mga pasyente na nakatanggap ng isang paggamot sa mga taong nakatanggap ng iba para sa parehong kondisyon, na walang pangalan o iba pang personal na mga pagsangguni na kasama. Lahat ng mga proyekto sa pananaliksik na isinagawa sa DPH, gayunpaman, ay sakop ng isang natatanging proseso sa pag-apruba. Ang prosesong ito ay nagsusuri sa isang iminungkahing proyekto sa pananaliksik at ang paggamit nito ng impormasyon sa kalusugan, upang matiyak na ito ay hindi naghahatid ng lampas sa pinakamababang panganib sa iyong pagkapribado. Bago gamitin o isiwalat ang impormasyon sa kalusugan sa pananaliksik, ang proyekto ay dapat naaprubahan gamit ang prosesong pag-apruba ng pananaliksik na ito, at ang mga mananaliksik ay lumagda sa isang panunumpa ng pagiging kompidensiyal.

- ◆ **Bilang Kinakailangan Ng Batas.** Ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo ay maaaring ibahagi kapag kinakailangan ng pederal, pang-estado o lokal na mga batas.
- ◆ **Upang Makaiwas sa isang Banta sa Panganib sa Kalusugan o Kaligtasan.** Ang mga impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo ay maaaring gamitin at ipamahagi sa mga opisyal sa pagpapatupad ng batas, mobile crisis team, o sa isang nilalayong biktima kapag kinakailangan upang maiwasan ang isang seryosong banta sa iyong kalusugan at kaligtasan o ang kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Anumang pagsisiwalat, gayunpaman, ay para sa tao lamang na maaaring makatulong na makaiwas sa pagbabanta.

NATATANGING KALAGAYAN:

Maaaring ibahagi ang impormasyon nang walang pagsang-ayon sa mga sumusunod na sitwasyon kung ito ay sumasaklaw sa iyo:

- ◆ **Donasyon ng Organ at Tissue.** Kung nais mong magbigay ng isang bahagi ng katawan, maaaring ibigay ang impormasyon sa kalusugan sa mga organisasyon na nangangalaga sa mga donasyon ng organ o sa isang bangko ng organ, mata o tissue transplantation, bilang kinakailangan upang makatulong sa organ o tissue donation at transplantation
- ◆ **Militar at Mga Beterano.** Kung ikaw ay isang miyembro ng sandatahang lakas, maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan na kinakailangan ng mga awtoridad ng military command.
- ◆ **Kompensasyon sa mga Manggagawa.** Ang iyong impormasyon sa kalusugan ay maaaring ibigay sa mga hiling sa kompensasyon sa mga manggagawa o mga katulad na programa. Ang mga programang ito ay naglalaan ng mga benepisyo para sa mga pinsala na kaugnay sa trabaho na mga pinsala o sakit.
- ◆ **Mga Panganib sa Pamublikong Kalusugan.** Hinihiling ng batas estado at pederal sa DPH na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan para sa mga gawain ng pamublikong kalusugan. Sa pangkalahatan kabilang sa mga gawaing ito ang mga sumusunod:
 - Upang maiwasan o makontrol ang sakit, pinsala o kapansanan;
 - Upang mag-ulat ng panganganak at pagkamatay;
 - Upang mag-ulat ng mga reaksyon sa mga gamot o mga problema sa mga produkto ng pangangalaga sa kalusugan;
 - Upang ipaalam sa mga tao tungkol sa muling pagbawi ng mga produkto na maaari nilang ginagamit;
 - Upang ipaalam sa isang tao na maaaring makakuha o magkalat ng isang sakit o kondisyon; at
 - Upang ipaalam sa awtoridad kung ito ay pinaniniwalaan na ang pasyete ay naging biktima ng pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan bilang kinakailangan ng batas.
- ◆ **Pangkalahatang Gawain sa Kalusugan.** Maaaring hilingin ng batas sa DPH na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa isang ahensiya na nagrerepaso ng mga gawain ng DPH sa pangangalaga sa kalusugan. Kasama sa mga gawain sa pagrerepaso ang mga, halimbawa, pagsusuri, imbestigasyon, inspeksiyon, at paglilisensya. Ang mga gawaing ito ay kinakailangan upang mapagmatyagan ng pamahalaan ang mga sistema sa pangangalaga sa kalusugan, mga programang binabayaran ng nagbabayad sa buwis at pagsunod ng DPH sa mga batas ng karapatang sibil.
- ◆ **Mga Kaso at Pagtatalo.** Kung ikaw ay kasangkot sa isang kaso o isang alitan, maaaring ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman o administratibo.

Kagawaran ng Pampublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
Epektibong Petsa: May 19, 2015

Maaari rin ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo bilang tugon sa isang subpoena, hiling sa pagtutuklas o iba pang mga proseso na kaugnay sa pagtatalo, ngunit may abiso sa iyong abugado tungkol sa kautusan kaya't mayroon kang pagkakataon tumutol sa loob ng takdang panahon itinatag ng batas.

- ◆ **Pagpapatupad ng Batas.** Maaaring ibahagi ang impormasyon sa kalusugan sa mga opisyal na tagapagpatupad ng batas:
 - Bilang tugon sa isang kautusan ng hukuman, subpoena, warrant, summons o mga katulad na proseso;
 - Tungkol sa isang kamatayan na pinaniniwalaang resulta ng kriminal na pag-uugali;
 - Tungkol sa kriminal na pag-uugali sa isang pasilidad ng DPH; at
 - Sa mga agarang pangyayari upang i-ulat ang isang krimen; ang lokasyon ng krimen o mga biktima; o ang pagkakakilanlan, paglalarawan o lokasyon ng isang tao na gumawa ng krimen.
- ◆ **Mga Coroner at Taga-suring Medikal (Medical Examiner).** Maaaring hilingin ng batas sa DPH na ibahagi ang iyong impormasyon sa kalusugan sa isang coroner o taga-suring medikal. Ito ay maaaring kinakailangan, halimbawa, upang tukuyin ang isang patay na tao o matukoy ang sanhi ng kamatayan;
- ◆ **Mga tinukoy ng hukuman na mga conservator at Pampublikong Tagapag-alaga.** Nang hindi humihingi sa iyo, maaaring ibahagi ng DPH ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga indibidwal na itinalaga ng isang hukuman ng batas upang pangalagaan ang iyong pisikal at/o mental na kalusugan at pinansiyal na kagalingan.
- ◆ **Pambansang Kaligtasan at Gawain na Intelligence.** Nang hindi humihingi sa iyo, maaaring ibahagi ng DPH ang iyong impormasyon sa kalusugan sa mga awtorisadong opisyal na pederal para sa intelligence, counter-intelligence at iba pang mga gawain para sa pambansang kaligtasan na pinahintulutan ng batas.
- ◆ **Serbisyo sa Pagligtas para sa Pangulo at iba pa.** Maaaring ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan sa mga awtorisadong mga pederal na opisyal upang sila ay makapaglaan ng proteksyon sa Pangulo o banyagang mga pinuno ng estado. Maaaring ibahagi ng DPH ang impormasyon sa kalusugan sa iba na mga awtorisadong tao na magsagawa ng mga natatanging mga pagsisiyasat.
- ◆ **Bilanggo.** Kung ikaw ay isang bilanggo sa isang bilangguan o sa ilalim ng pag-iingat ng isang opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaaring ibahagi ng DPH ang iyong mga impormasyon sa kalusugan sa mga kawani ng preso/bilangguan o opisyal ng koreksiyunal nito. Kailangan ibahagi ng DPH ang impormasyon na ito (1) para mapaglaanan ka ng preso/bilangguan ng pangangalaga sa kalusugan; (2) upang proteksyunan ang iyong kalusugan at kaligtasan o kalusugan at kaligtasan ng iba; o (3) para sa kaligtasan at seguridad ng mga kawani ng preso/bilangguan.
- ◆ **Pagtrato na Itinalaga ng Hukuman.** Sa mga kaso kung saan ipinagutos sa isang tao na kumuha ng pagtrato mula sa DPH sa isang prosesong kriminal ng hukuman, ang mga indibidwal ay hihilingin na pahintulutan ang pagbabahagi ng impormasyon sa hukuman na iyon. Kung sa kalaunan ay binawi ng tao na iyon ang kanyang pagsang-ayon, kailangan ipaalam sa hukuman ang kasunod na pagbawi ng indibidwal.

IBANG GAMIT NG IMPORMASYON SA KALUSUGAN.

Ang iba pang gamit at pagsisiwalat ng impormasyon sa kalusugan na hindi sakop ng Pabatid na ito o ng mga batas na sumasakop ay maaari lamanmg gawin sa inyong nakasulat na pahintulot. Kung nagbigay ka ng pahintulot para sa DPH na gamitin o ibahagi ang impormasyon sa kalusugan tungkol sa iyo, maaari mong bawiin ang pahintulot, nang nakasulat, anumang oras. Kung babawiin mo ang iyong pahintulot, hindi na maaring gamitin o ibahagi ng DPH ang inyong impormasyon sa kalusugan para sa mga dahilan na nakasaad sa iyong nakasulat na pahintulot. Kailangan mo ring maunawaan na hindi na maaring ibalik ng DPH ang anumang pagbabahagi na siyang ginawa na mayroong iyong pahintulot, at ang mga batas ng California ay hinihiling sa DPH na panatilihin ang talaan ng mga pangangalaga na inilaan sa iyo.

KUNG NANINIWALA KA NA ANG IYONG KARAPATAN SA PAGKAPRIBADO AY HINDI NATUGUNAN

habang tumatanggap ng mga serbisyo ng DPH, maaari kayong magsampa ng reklamo sa DPH o sa Kalihim ng Kagawaran ng Kalusugan at Mga Serbisyon Pantao ng U.S. Ang lahat ng mga reklamo ay

Kagawaran ng Pamublikong Kalusugan ng San Francisco (DPH) Kabuuang Pabatid ng
 HIPAA sa Karapatan ng Pagkapribado
 Epektibong Petsa: May 19, 2015

dapat ipadala nang nakasulat. Mangyaring tingnan ang dulo ng Pabatid na ito para sa isang listahan ng mga patutunguhan (addressee) para sa kasalukuyang mga address at numero ng telepono para sa DPH Privacy Office at ng Kalihim. Ikaw ay hindi paparusahan sa anumang paraan sa pagsampa ng reklamo.

MGA PAGBABAGO SA PABATID NA ITO

Rinireserba ng DPH ang karapatan na baguhin ang Pabatid na ito at gumawa ng mga binago o nagbagong Pabatid na magkakaroon ng bisa para sa impormasyon sa kalusugan na siya nang naitala tungkol sa iyo pati na rin ang anumang impormasyon na itatala sa hinaharap. Ang isang kopya ng kasalukuyang Pabatid ay ipapaskil sa mga pasilidad sa pangangalaga ng DPH. Ang pabatid ay magkakaroon ng petsa ng pagkabisa sa tuktok ng bawat pahina.

LISTAHAN NG MGA DPH ADDRESS

San Francisco General Hospital and Trauma Center Health Information Services, Main Bldg. Rm. 2B1 1001 Potrero Avenue, SF, CA 94110 1+ (415) 206-4432		Laguna Honda Hospital and Rehab Center Health Information Services, Rm. B300 375 Laguna Honda Blvd., SF, CA 94116 1+ (415) 759-3355	
Balboa Teen Health Center 1000 Cayuga Avenue, SF, CA 94112 1+ (415) 469-4512	Castro-Mission Health Center 3850 - 17th Street, SF, CA 94114 1+ (415) 934-7700	Chinatown Public Health Center 1490 Mason Street, SF, CA 94133 1+ (415) 364-7600	
Larkin Street Youth Clinic 1138 Sutter Street, SF, CA 94109 1+ (415) 673-0911 (ext. 259)	Maxine Hall Health Center 1301 Pierce Street, SF, CA 94115 1+ (415) 292-1300	Curry Senior Services 333 Turk Street, SF, CA 94102 1+ (415) 885-2274	
Ocean Park Health Center 1351 - 24th Avenue, SF, CA 94122 1+ (415) 682-1900	Potrero Hill Health Center 1050 Wisconsin Street, SF, CA 94107 1+ (415) 648-3022	Silver Avenue Family Health Center 1525 Silver Avenue, SF, CA 94134 1+ (415) 657-1700	
Southeast Health Center 2401 Keith Street, SF, CA 94124 1+ (415) 671-7000	Tom Waddell Urban Health Center 230 Golden Gate Avenue, SF, CA 94102 1+ (415) 355-7400	Cole Street Youth Clinic 555 Cole Street, SF, CA 94117 1+ (415) 751-8181	
Health at Home 375 Laguna Honda Blvd., SF, CA 94116 1+ (415) 759-4700	Maternal/Child Health 30 Van Ness Avenue, SF, CA 94103 1+ (800) 300-9950	City Clinic (STD Clinic) 356 - 7th Street, SF, CA 94103 1+ (415) 487-5500	
Behavioral Health Services Your Program Site or Health Information Services 1380 Howard Street, SF, CA 94103 1+ (415) 255-3487	Jail Health Services Health Information Services 850 Bryant Street, SF, CA 94103 1+ (415) 553-1582	All other privacy concerns: DPH Compliance & Privacy Affairs 101 Grove Street, Rm 330, SF, CA 94102 1+ (855)729-6040 (toll-free)	
Secretary, U.S. Dept. of Health and Human Services, Office of Civil Rights , Attn: Regional Manager 50 United Nations Plaza, #322, SF, CA 94103			

**THIS PAGE IS INTENTIONALLY LEFT BLANK
ANG PAHINANG ITO AY INTENSYUNAL NA INIWANG BLANGKO**